<p>... is now very demanding and controlling.</p> <p>... seems “stubborn” insisting that things be done her way.</p> <p>... ay napakaraming hinihiling ngayon at nangongontrol.</p> <p>... parang “sutil” namimilit na gawin ang mga bagay sa kanyang paraan.</p>	<ul style="list-style-type: none"> ▪ Between the age of 18 months to 3 years, young children often seem “controlling.” ▪ It can be annoying, but it is a normal part of growing up and helps them learn that they are important and can make things happen. ▪ When children feel unsafe, they may become more controlling than usual. This is one way of dealing with fears. They are saying, “Things are so crazy I need control over something.” ▪ Sa pagitan ng edad na 18 buwan hanggang 3 taon, ang mga batang anak ay parang “nangongontrol.” ▪ Maaaring nakakainis ito, ngunit ito ay normal na bahagi ng paglaki at nakakatulong sa kanilang matutuhan na sila ay mahalaga at maaaring magawang tuparin ang mga bagay-bagay. ▪ Kapag ang pakiramdam ng mga anak ay hindi sila ligtas, maaaring maging mas nangongontrol sila kaysa dati. Ito ay isang paraan ng pagharap nila sa takot. Sinasabi nilang, “Ang mga bagay ay sobrang nakababaliw kailangan kong makontrol ang ilang bagay.” 	<ul style="list-style-type: none"> ▪ Remember your child is not controlling or bad. This is normal, but may be worse right now because she feels unsafe. ▪ Let your child have control over small things. Give her choices over what she wears or eats, games you play, stories you read. If she has control over small things, it can make her feel better. Balance giving her choices and control with giving her structure and routines. She will feel unsafe if she “runs the show.” ▪ Cheer her on as she tries new things. She can also feel more in control when she can put her shoes on, put a puzzle together, pour juice. ▪ Alalahaning ang iyong anak ay hindi nangongontrol o masama. Ito ay normal, ngunit maaaring pinakamasama ngayon dahil ang pakiramdam niya ay hindi ligtas. ▪ Hayaan ang iyong anak na kumontrol ng ilang maliliit na mga bagay. Papiliin siya kung ano ang gusto niyang isuot o kainin, paglilibang na gustong laruin, mga kuwentong babasahin mo. Kapag may kontrol siya sa maliliit na bagay, magiging ligtas ang kanyang pakiramdam. Balansehin ang pagpapapili at kontrol sa pamamagitan ng pagbigay sa kanya ng estruktura at mga rutina. Mararamdaman niyang hindi siya ligtas kung siya na ang “nagpapatakbo ng palabas.” ▪ Palakpakan siya habang sumusubok ng mga bagong bagay. Mararamdaman niya ring mas nasa kontrol siya kapag kaya niya nang magsuot ng sapatos, magkasama ninyong buuin ang isang puzzle, magsalin ng inumin.

Parent Tips for Helping Infants and Toddlers after Disasters

... tantrums and is cranky.

... yells a lot – more than usual.

... nagdadabog at sumpungin.

... laging sumisigaw – madalas kaysa dati.

- Even before the disaster, your child may have had tantrums. They are a normal part of being little. It's frustrating when you can't do things and when you don't have the words to say what you want or need.
- Now, your child has a lot to be upset about (just like you) and may really need to cry and yell.
- Kahit bago ang kapahamakan, ang iyong anak ay nagdadabog na. Normal ito at bahagi ng pagiging paslit. Bigo ang pakiramdam kapag hindi ka makagawa ng mga bagay at wala kang mga salitang masabi kung ano ang gusto o kailangan mo.
- Ngayon, ang anak mo ay maraming alalahanin (gaya mo) at maaaring tunay na kailangang umiyak o sumigaw.
- Let him know you understand how hard this is for him. "Thing are really bad right now. It's been so scary. We don't have your toys or TV, and you're mad."
- Tolerate tantrums more than you usually would, and respond with love rather than discipline. You might not normally do this, but things are not normal. If he cries or yells, stay with him and let him know you are there for him. Reasonable limits should be set if tantrums become frequent or are extreme.
- Ipaalam sa kanyang nauunawaan mo kung gaano ito kahirap para sa kanya. "Tunay ngang masama ang sitwasyon ngayon. Nakakatakot. Wala ang mga laruan mo o TV, at galit ka. "
- Tiisin ang mga pagdadabog higit pa sa dati mong nagagawa, at tugunan ng pag-ibig kaysa disiplina. Maaaring hindi ito ang normal mong ginagawa, ngunit ang mga bagay ay hindi normal. Kapag siya ay umiyak o sumigaw, tabihan siya at sabihing ikaw ay nariyan para kanya. Ang mga makatwirang limitasyon ay kailangan itakda kapag dumadalas o nagiging sukdulan ang mga pagdadabog.

Parent Tips for Helping Infants and Toddlers after Disasters

... hits you.

... pinapalo ka.

- For children, hitting is a way of expressing anger.
- When children can hit adults they feel unsafe. It's scary to be able to hit someone who's supposed to protect you.
- Hitting can also come from seeing other people hit each other.
- Para sa mga bata, ang pamamalo ay pagpapahayag ng galit.
- Kapag ang mga bata ay namalo ng mga nakatatanda ang pakiramdam nila ay hindi ligtas. Nakakatakot mamalo ng isang taong dapat ay nagtatanggol sa iyo.
- Ang pamamalo ay maaaring naggaling din sa mga nakitang mga taong hinahampas ang isat isa.
- Each time your child hits, let her know that this is not okay. Hold her hands, so she can't hit, have her sit down. Say something like, "It's not okay to hit, it's not safe. When you hit, you are going to need to sit down."
- If she is old enough, give her the words to use or tell her what she needs to do. Tell her, "Use your words. Say, I want that toy."
- Help her express anger in other ways (play, talk, draw).
- If you are having conflict with other adults, try to work it out in private, away from where your child can see or hear you. If needed, talk with a friend or professional about your feelings.
- Sa tuwing papaluin ka ng iyong anak, sabihin sa kanyang hindi iyon maayos. Hawakan ang kanyang mga kamay, para hindi ka niya mapalo, paupuin siya. Magsabi ng parang, "Hindi tama ang mamalo, hindi ito ligtas. Kapag namalo ka, kailangan mong umupo."
- Kung nasa idad na siya, ibigay sa kanya ang mga salitang magagamit o sabihin sa kanya ang mga kailangang gawin. Sabihin sa kanya, "Gamitin mo ang iyong mga salita. Sabihin mo, gusto ko ang laruang 'yon."
- Tulungan siyang ipahayag ang galit sa ibang mga paraan (laro, usap, pagguhit).
- Kung may kahidwaang ibang nakatatanda, subukang ayusin ito nang pribado, malayo sa puwestong makikita o masasagap kayo ng bata. Kung kainakailangan, kausapin ang isang kaibigan o propesyonal tungkol sa iyong mga damdamin.

Parent Tips for Helping Infants and Toddlers after Disasters

.. says “Go away, I hate you!”

.. says “This is all your fault.”

.. sinasabing “Lumayas ka, galit ako sa ‘yo

.. sinasabing “Kasalanan mo ang lahat ng ito.”

- The real problem is the disaster and everything that followed, but your child is too little to fully understand that.
- When things go wrong, young children often get mad at their parents because they believe they should have stopped it from happening.
- You are not to blame, but now is not the time to defend yourself. Your child needs you.
- Ang tunay na problema ay ang kapahamakan at lahat nang nangyari, ngunit ang iyong anak ay napakaliit pa para iyan ay ganap na maunawaan.
- Kapag ang mga bagay ay naging mali, ang mga batang anak ay kadalasang nagagalit sa mga magulang nila dahil naniniwala silang dapat ay pinigilan nila iyong mangyari.
- Hindi ikaw ang dapat sisihin, ngunit hindi ngayon ang panahon para pangatwiranang ang iyong sarili. Kailangan ka ng anak mo.
- Remember what your child has been through. He doesn’t mean everything he is saying; he’s angry and dealing with so many difficult feelings.
- Support your child’s feeling of anger, but gently redirect the anger towards the disaster. “You are really mad. Lots of bad things have happened. I’m mad too. I really wish it didn’t happen, but even mommies can’t make hurricanes not happen. It’s so hard for both of us.”
- Alalahanin ang kung ano ang pinagdaanan ng iyong anak. Hindi niya sadya ang bawat bagay na kanyang nasabi; galit siya at nakikipagbuno sa marami at mahirap na mga damdamin.
- Suportahan ang galit ng damdamin ng iyong anak, ngunit malambing na ituon ulit ang galit sa kapahamakan. “Tunay ngang galit na galit ka. Maraming masamang bagay ang nangyari. Galit din ako. Talagang gusto ko ring hindi sana nangyari ito, pero kahit ang mommy ay hindi kayang pigilin ang buhawi. Napakahirap nito para sa ating dalawa.”

▪ **Mga Tip sa Magulang na Tumutulong sa mga Sanggol at Musmos Pagkatapos ng mga Kapahamakan**
Parent Tips for Helping Infants and Toddlers after Disasters



If Your Child	Understand	Ways to Help
<p>... doesn't want to play or do anything.</p> <p>... seems to not really have any feelings (happy or sad).</p> <p>... ayaw maglaro o gumawa ng kahit ano.</p> <p>... parang tunay na walang kahit anong mga damdamin (masaya o malungkot).</p>	<ul style="list-style-type: none"> ▪ Your child needs you. So much has happened and he may be feeling sad and overwhelmed. ▪ When children are stressed, some yell and others shut down. Both need their loved ones. ▪ Kailangan ka ng iyong anak. Sobra ang mga nangyari at maaaring malungkot at nanliliit ang kayang pakiramdam. ▪ Kapag ang anak ay na-istres ang iba ay sumisigaw, ang iba ay nananahimik. Parehong kailangan nila ang mga mahal sa buhay. 	<ul style="list-style-type: none"> ▪ Sit by your child and keep him close. Let him know you care. ▪ If you can, give words to his feelings. Let him know it's okay to feel sad, mad, or worried. "It seems like you don't want to do anything. I wonder if you are sad. It's okay to be sad. I will stay with you." ▪ Try to do things with your child, anything he might like (read a book, sing, play together). ▪ Tabihan ang iyong anak at panatilihin malapit siya. Ipaalam na inaalagaan mo siya. ▪ Kung maaari, pangalanan ang kanyang mga damdamin. Ipaalam sa kanyang ayos lamang na makaramdam ng lungkot, galit, o mabagabag. "Parang ayaw mong gumawa ng kahit ano. Nagtataka ako kung malungkot ka. Ayos lang maging malungkot. Sasamahan kita." ▪ Subukang gumawa ng mga bagay kasama ang iyong anak, kahit anong maaaring gustuhin niya (magbasa ng isang libro, kumanta, maglarong magkasama).

Parent Tips for Helping Infants and Toddlers after Disasters

... cries a lot.

... iyakin.

- Your family may have experienced difficult changes because of the disaster, and it is natural that your child is sad.
- When you let your child feel sad and provide her with comfort, you help your child even if she remains sad.
- If you have strong feelings of sadness, it may be good for you to get support. Your child's well-being is connected to your well-being.
- Ang iyong pamilya ay maaaring nakaranas ng mahihirap na pagbabago dahil sa kapahamakan, at natural lamang na ang iyong anak ay malungkot.
- Kapag hinayaan mo ang iyong anak na makaramdam ng lungkot at damayan siya, natutulungan mo ang iyong anak kahit malungkot pa rin siya.
- Kung mayroon kang malakas na pakiramdam ng lungkot, maaaring makabuti sa iyo ang maghanap ng suporta. Ang kapakanan ng iyong anak ay konektado sa iyong kapakanan.
- Allow your child to express feelings of sadness.
- Help your child name her feelings and understand why she may feel that way. "I think you're sad. A lot of hard things have happened"
- Support your child by sitting with her and giving her extra attention. Spend special time together.
- Help your child feel hopeful about the future. Together think and talk about how your lives will continue and the good things you will do, like go for a walk, go to the park or zoo, play with friends.
- Take care of yourself.
- Hayaang ang iyong anak na maipahayag ang mga damdamin niya ng kalungkutan.
- Tulungan ang iyong anak na pangalanan ang mga damdamin at unawain kung bakit maaaring ganoon ang paraan ng pakiramdam niya. "Iniisip kong malungkot ka. Maraming mahirap na mga bagay ang nangyari."
- Suportahan ang iyong anak sa pamamagitan ng pagtabi sa kanya at pagbibigay ng ekstrang atensiyon. Gumugol ng espesyal na panahong magkasama kayo.
- Tulungan ang iyong anak na maramdamang puno ng pag-asa tungkol sa hinaharap. Magkasama kayong mag-isip at mag-usap tungkol sa kung paano ang buhay ninyo ay magpapatuloy pati ang magagandang bagay na gagawin ninyo, gaya ng paglalakad, mamasyal sa parke o zoo, makipaglaro sa mga kaibigan.
- Alagaan ang iyong sarili.

Parent Tips for Helping Infants and Toddlers after Disasters

. . misses people you are no longer able to see after the disaster.

. . hinahanap-hanap ang mga taong hindi na ninyo nakikita pagkatapos ng kapahamakan.

- Even though young children do not always express how they feel, be aware that it is difficult for them when they lose contact with important people.
- If someone close to your child died, your child may show stronger reactions to the disaster.
- Young children do not understand death, and may think that the person can come back.
- Kahit na ang iyong mga anak ay hindi laging naipahahayag kung paano ang kanilang pakiramdam, dapat alam mong mahirap para sa kanilang mawalan ng kontak sa mga importanteng tao.
- Kung may isang namatay na malapit sa iyong anak, ang iyong anak ay magpapakita ng malalakas na reaksiyon sa kapahamakan.
- Ang mga batang anak ay hindi nauunawaan ang kamatayan, at maaaring isipin na ang taong iyon ay makababalik pa.
- For those that have moved away, help your child stay in touch in some way (for example, sending pictures or cards, calling).
- Help your child talk about these important people. Even when we are apart from people, we can still have positive feelings about them by remembering and talking about them.
- Acknowledge how hard it is to not be able to see people we care for. It is sad.
- Where someone has died, answer your child's questions simply and honestly. When strong reactions last longer than two weeks, seek help from a professional.
- Para sa mga lumipat, tulungan ang iyong anak na magkaroon ng komunikasyon sa ilang paraan (halimbawa, magpadala ng mga litrato o mga kard, pakikipagtawagan).
- Tulungan ang iyong anak na mapag-usapan ang mga importanteng taong ito. Kahit malayo tayo sa mga tao, maaari pa rin tayong magkaroon ng postibong mga damdamin tungkol sa kanila sa pamamagitan ng pag-alaala at pag-uusap tungkol sa kanila.
- Kilalanin kung gano kahirap ang hindi makita ang mga taong pinahahalagahan natin. Malungkot ito.
- Kung may namatay, sagutin ang mga tanong ng iyong anak nang simple at matapat. Kapag ang matitinding reaksiyon ay tumagal ng higit sa dalawang linggo, humanap ng tulong mula sa propesyonal.

. . misses things you have lost because of the disaster.

. . hinahanap-hanap ang mga bagay na nawala dahil sa kapahamakan.

- When a disaster brings so much loss to a family and community, it is easy to lose sight of how much the loss of a toy or other important item (blanket) can mean to a child.
- Grieving for a toy is also your child's way of grieving for all you had before the disaster.
- Kapag ang isang kapahamakan ay nagdulot ng sobrang pagkawala sa isang pamilya at komunidad, napakadaling malimutan kung gaano kahalaga para sa isang bata ang pagkawala ng isang laruan o ibang importanteng gamit (kumot).
- Ang pagdadalamhati para sa isang laruan ay paraan din ng iyong anak sa pagdadalamhati para sa lahat ng pag-aari ninyo bago ang kapahamakan.
- Allow your child to express feelings of sadness. It is sad that your child lost her toy or blanket.
- If possible, try to find something that would replace the toy or blanket that would be acceptable and satisfying to your child.
- Distract your child with other activities.
- Hayaan ang iyong anak na ipahayag ang mga damdamin ng kalungkutan. Nakakalungkot na ang iyong anak ay nawalan ng laruan o kumot.
- Kung posible, subukang maghanap ng ibang bagay na maaaring ipalit sa laruan o kumot na magugustuhan at magiging kasiya-siya sa iyong anak.
- Yakagin ang iyong anak sa ibang mga aktibidad.

- **Mga Tip sa Magulang na Tumutulong sa mga Sanggol at Musmos Pagkatapos ng mga Kapahamakan**
■ **Parent Tips for Helping Infants and Toddlers after Disasters**



National Child Traumatic Stress Network ■ National Center for PTSD

Parent Tips for Helping Preschool-Age Children after Disasters

Reactions/Behavior Mga Reaksiyon/Ugali	Responses Mga tugon	Examples of things to do and say Mga halimbawa ng mga bagay na gagawin at sasabihin
<p><u>Helplessness and passivity:</u> Young children know they can't protect themselves. In a disaster, they feel even more helpless. They want to know their parents will keep them safe. They might express this by being unusually quiet or agitated.</p> <p><u>Kawalang magagawa at pagsasawalang kibo:</u> Alam ng mga batang anak na hindi nila mapoprotektahan ang kanilang mga sarili. Sa isang kapahamakan, pakiramdam nila ay mas wala silang magagawa. Gusto nilang malaman na maililigtas sila ng kanilang mga magulang. Baka maipahayag nila ito sa pamamagitan ng kakatwang pagsasawalang kibo o pagkabahala.</p>	<ul style="list-style-type: none"> ▪ Provide comfort, rest, food, water, and opportunities for play and drawing. ▪ Provide ways to turn spontaneous drawing or playing about traumatic events to something that would make them feel safer or better. ▪ Reassure your child that you and other grownups will protect them. ▪ Damayan, bigyan ng pahinga, pagkain, tubig, at mga pagkakataon para maglaro at gumuhit. ▪ Maghapatag ng mga paraan upang magdulot sa kanila ng pakiramdam na ligtas o mas mabuti ang kanilang biglaang pagguhit o paglaro tungkol sa traumatikong mga pangyayari. ▪ Ipaalala sa iyong anak na ikaw at ang ibang nakatatanda ay pangangalagaan sila. 	<ul style="list-style-type: none"> ▪ Give your child more hugs, hand holding, or time in your lap. ▪ Make sure there is a special safe area for your child to play with proper supervision. ▪ In play, a four year old keeps having the blocks knocked down by hurricane winds. Asked, "Can you make it safe from the winds?" the child quickly builds a double block thick wall and says, "Winds won't get us now." A parent might respond with, "That wall sure is strong," and explain, "We're doing a lot of things to keep us safe." <ul style="list-style-type: none"> ▪ Haplusin o yakapin ang iyong anak, hawak-kamay, kandungin. ▪ Siguraduhing may isang ligtas at espesyal na lugar na palaruan ang iyong anak nang may sapat na superbisyon. ▪ Sa paglalaro, isang apat na taong gulang na bata ang tinutumbahan ang mga bloke ng buhawi. Tinanong, "Maaari mo bang gawing ligtas ito sa hangin?" Mabilis na lumikha agad ng makapal na dobleng bloke ang bata at nagsabing, "Hindi na tayo aabutin ng hangin ngayon." Isang magulang ang sumagot ng, "Siguradong malakas ang pader," saka nagpaliwanag, "Gumagawa kami ng maraming bagay para manatili tayong ligtas."

Parent Tips for Helping Preschool-Age Children after Disasters

General fearfulness: Young children may become more afraid of being alone, being in the bathroom, going to sleep, or otherwise separated from parents. Children want to believe that their parents can protect them in all situations and that other grownups, such as teachers or police officers, are there to help them.

Pangkalahatang pagkatakot: Ang mga batang anak ay magiging mas takot mag-isa, kahit sa banyo, sa pagtulog, o kundi man takot mawalay sa mga magulang. Gustong maniwala ng mga bata na mapoprotektahan sila ng kanilang mga magulang sa lahat ng mga sitwasyon at ang ibang nakatatanda, gaya ng mga guro, pulisya, ay naririyang para tulungan sila.

- Be as calm as you can with your child. Try not to voice your own fears in front of your child.
- Help children regain confidence that you aren't leaving them and that you can protect them.
- Remind them that there are people working to keep families safe, and that your family can get more help if you need to.
- If you leave, reassure your children you will be back. Tell them a realistic time in words they understand, and be back on time.
- Give your child ways to communicate their fears to you.
- Maging mahinahon sa iyong anak hanggang sa makakaya mo. Subukin na huwag sabihin ang sariling mga takot sa harap ng iyong anak.
- Tulungan ang mga bata na bawiin ang tiwala na hindi mo sila iiwanan at kaya mo silang ipagtanggol.
- Paalalahanan sila na mayroong mga taong nagsisikap para panatilihin ang mga pamilya, at ang inyong pamilya ay may makukuhang tulong kung kinakailangan.
- Kung ikaw ay aalis, siguraduhin sa inyong mga anak na ikaw ay magbabalik. Sabihin sa kanila ang makatotohanang oras sa mga salitang nauunawaan nila, at magbalik ka nang nasa oras.
- Magbigay sa iyong anak ng mga paraan upang masabi sa iyo ang kanilang mga takot.
- Be aware when you are on the phone or talking to others, that your child does not overhear you expressing fear.
- Say things such as, "We are safe from the earthquake now, and people are working hard to make sure we are okay."
- Say, "If you start feeling more scared, come and take my hand. Then I'll know you need to tell me something."
- Maging malay kapag nasa telepono ka o may ibang kausap, na ang iyong anak ay hindi ka marinig na nagpapahayag ng takot.
- Magsabi ng mga bagay gaya ng, "Ligtas na tayo ngayon sa lindol at ang mga tao ay nagsisikap na siguraduhing nasa maayos tayo."
- Magsabing, "Pag nag-umpisang maramdaman mong mas takot ka, halika at hawakan mo ang kamay ko. Tapos malalamam kong may kailangan kang sabihin sa akin."

Parent Tips for Helping Preschool-Age Children after Disasters

Confusion about the danger being over: Young children can overhear things from adults and older children, or see things on TV, or just imagine that it is happening all over again. They believe the danger is closer to home, even if it happened further away.

Pagkalito kung wala na bang panganib: Ang mga batang anak ay nakakasagap ng mga bagay mula sa matatanda at mga batang nakatatanda sa kanila, o nakakanood ng mga bagay sa TV, o gumagana lamang ang imahinasyon na nangyayari ang lahat nang paulit-ulit na naman. Naniniwala sila na ang panganib ay malapit lang sa bahay, kahit nangyari ito sa malayo.

- Give simple, repeated explanations as needed, even every day. Make sure they understand the words you are using.
- Find out what other words or explanations they have heard and clarify inaccuracies.
- If you are at some distance from the danger, it is important to tell your child that the danger is not near you.
- Magbigay ng simple, inuulit na mga paliwanag kung kinakailangan, kahit pa araw-araw. Siguraduhing nauunawaan nila ang mga salitang ginagamit mo.
- Alamin kung ano pang ibang mga salita o paliwanag ang kanilang narinig at klaruhin ang mga hindi tama.
- Kung ikaw ay malayo sa panganib, mahalagang sabihin sa iyong anak na ang panganib ay hindi malapit sa iyo.
- Continue to explain to your child that the disaster has passed and that you are away from the danger
- Draw, or show on a map, how far away you are from the disaster area, and that where you are is safe. “See? The disaster was way over there, and we’re way over here in this safe place.”
 - Patuloy na magpaliwanag sa anak mo na ang kapahamakan ay lumipas na at malayo ka na sa panganib
 - Gumuhit, o magpakita ng mapa, kung gaano ka kalayo mula sa lugar ng kapahamakan, at kung nasaan ka ay ligtas, “Kitam? Ang kapahamakan ay nasa banda roon, at tayo ay naririto sa ligas na lugar.”

Returning to earlier behaviors: Thumb sucking, bed-wetting, baby-talk, needing to be in your lap.

Pagbabalik sa dating mga ugali: Pagsupsop sa hinlalaki, pag-ihi sa tulugan, salitang-bata, pngangailangang kalungin.

- Remain neutral or matter-of-fact, as best you can, as these earlier behaviors may continue a while after the disaster.
- Manatiling niyutral o makatotohanan, sa buong makakaya mo, dahil ang mga dating ugali ay maaaring magpatuloy nang kaunti pagkatapos ng kapahamakan
- If your child starts bedwetting, change her clothes and linens without comment. Don’t let anyone criticize or shame the child. Kapag ang iyong anak ay nagsimulang umihi sa tulugan, palitan ang kanyang damit at kumot nang walang komento. Huwag hayaang may kung sinong pupuna at magpapahiya sa bata.

Parent Tips for Helping Preschool-Age Children after Disasters

Reactions/Behavior	Responses	Examples of things to do and say
<p><u>Fears the disaster will return:</u> When having reminders—seeing, hearing, or otherwise sensing something that reminds them of the disaster.</p> <p><u>Natatakot na magbabalik ang kapahamakan:</u> Kapag may paalala-- paningin, pandinig, o di kaya may nararamdaman na ilang bagay na makapagpaalala sa kanila ng kapahamakan.</p>	<ul style="list-style-type: none"> ▪ Explain the difference between the event and reminders of the event. ▪ Protect children from things that will remind them as best you can. ▪ Ipaliwanag ang kaibahan sa pagitan ng pangyayari at ang mga nakapagpaalala ng pangyayari. ▪ Protektahan ang mga bata mula sa mga bagay na maaaring makapagpaalala sa kanila sa abot ng iyong makakaya. 	<ul style="list-style-type: none"> ▪ “Even though it’s raining, that doesn’t mean the hurricane is happening again. A rainstorm is smaller and can’t wreck stuff like a hurricane can.” ▪ Keep your child from television, radio, and computer stories of the disaster that can trigger fears of it happening again. ▪ “Kahit umuulan, hindi ibig sabihin na ang buhawi ay mangyayari ulit. Ang isang bagyo ay maliit lamang at hindi makakasira ng mga ari-arian gaya ng isang buhawi.” ▪ Pagbawalan ang iyong anak na manood ng mga kuwento ng kapahamakan sa telebisyon, radio, at kompyuter na maaaring makabuyo ng takot sa kanila na mangyayari ito ulit.

Parent Tips for Helping Preschool-Age Children after Disasters

Not talking: Being silent or having difficulty saying what is bothering them.

Hindi nagsasalita: Nananahimik o may kahirapan sa pagsasabi ng kung ano ang nakagagambala sa kanila.

- Put common feelings into words, such as anger, sadness, and worry about the safety of parents, friends, and siblings.
- Do not force them to talk, but let them know they can talk to you any time.
- Isalin ang karaniwang damdamin sa mga salita, gaya ng galit, kalungkutan, o pag-aalala tungkol sa kaligtasan ng mga magulang, kaibigan at kapatid.
- Huwag silang pilitin na magsalita, ngunit ipaalam sa kanila na maaari ka nilang makausap sa kahit anumang oras.
- Draw simple “happy faces” for different feelings on paper plates. Tell a brief story about each one, such as, “Remember when the water came into the house and you had a worried face like this?”
- Say something like, “Children can feel really sad when their home is damaged.”
- Provide art or play materials to help them express themselves. Then use feeling words to check out how they felt. “This is a really scary picture. Were you scared when you saw the water?”
- Gumuhit ng simple na “masasayang mukha” para sa iba-ibang damdamin sa mga “paper plate.” Magsalaysay ng isang dagliang kuwento gaya ng, “Natatandaan mo noong may tubig na pumasok sa bahay at ganito ang balisang mukha mo?”
- Sabihin ang ilang bagay gaya ng, “Ang mga bata ay talagang malulungkot kapag ang bahay nila ay masisira.”
- Magbigay ng mga art o play material para matulungan silang maipahayag ang mga sarili. Tapos, gamitin ang mga salitang pandama upang malaman kung ano ang nararamdaman nila. “Nakakatakot talaga ang larawang ito. Natakot ka ba nang makita mo ‘yong tubig?’”

Parent Tips for Helping Preschool-Age Children after Disasters

Sleep problems: Fear of being alone at night, sleeping alone, waking up afraid, having bad dreams.

Mga Problema sa Pagtulog: Takot mag-isa sa gabi, matulog mag-isa, may takot paggising, pagkakaroon ng masasamang panaginip.

- Reassure your child that he is safe. Spend extra quiet time together at bedtime.
- Let the child sleep with a dim light on or sleep with you for a limited time.
- Some might need an explanation of the difference between dreams and real life.
- Muling tiyakin sa iyong anak na siya ay ligtas. Gumugol ng ekstrang oras na magkasama sa oras ng pagtulog.
- Hayaang matulog ang bata na may dim light o tumabi sa iyo nang limitadong oras.
- Ang ilan ay baka mangailangan ng paliwanag kung ano ang kaibahan ng panaginip sa totoong buhay.
- Provide calming activities before bedtime. Tell a favorite story with a comforting theme.
- At bedtime say, “You can sleep with us tonight, but tomorrow you’ll sleep in your own bed.”
- “Bad dreams come from our thoughts inside about being scared, not from real things happening.”
- Pagawin ng mahihinahong aktibidad bago matulog. Magsalaysay ng paboritong kuwento na may temang nakagiginahawa.
- Magbilin sa pagtulog, “Puwede kang tumabi sa amin ngayong gabi, pero bukas sa sariling kama mo na ikaw matutulog.”
- “Ang masasamang panaginip tungkol sa pagkatakot ay nanggagaling sa ating kaisipan, hindi sa mga nangyayari sa tunay na buhay.”

Parent Tips for Helping Preschool-Age Children after Disasters

Not understanding about death: Preschool age children don't understand that death is not reversible. They have "magical thinking" and might believe their thoughts caused the death. The loss of a pet may be very hard on a child.

Ang hindi pag-unawa tungkol sa kamatayan: Ang mga batang pre-school ay hindi nakauunawa na ang kamatayan ay hindi na mababago pa. Mayroon silang "mahikang pag-iisip" at baka naniniwala na ang isip nila ay sanhi ng kamatayan. Ang pagkamatay ng isang alagang hayop ay maaaring mahirap para sa isang bata.

- Give an age-appropriate consistent explanation—that does not give false hopes—about the reality of death.
- Don't minimize feelings over a loss of a pet or a special toy.
- Take cues from what your child seems to want to know. Answer simply and ask if he has any more questions.
- Magbigay ng isang paliwanag na angkop sa kanilang edad—na di nagbibigay ng mga huwad na pag-asa—tungkol sa realidad ng kamatayan.
- Huwag maliitin ang pagkamatay ng isang alagang hayop o pagkawala ng isang espesyal na laruan.
- Alamin ang hudyat kung ano ang tila gustong malaman ng iyong anak. Sagutin ng simple at tanungin kung may iba pa siyang katanungan.
-
- Allow children to participate in cultural and religious grieving rituals.
- Help them find their own way to say goodbye by drawing a happy memory or lighting a candle or saying a prayer for the deceased.
- "No, Pepper won't be back, but we can think about him and talk about him and remember what a silly doggy he was."
- "The firefighter said no one could save Pepper and it wasn't your fault. I know you miss him very much."
- Payagan ang mga bata na sumali sa mga pangkultura at relihiyosong ritwal ng pagdadalmhati.
- Tulungan silang humanap ng paraan upang makapagpaalam sa pamamagitan ng pagguhit ng masayang alaala o pagsindi ng kandila o pagdarasal sa mga taong namatay na.
- "Hindi, si Pepper ay hindi magbabalik, ngunit maaari pa rin natin siyang alalahanin kung gaano kakulit ang asong iyon."
- "Sabi ng bumbero wala nang kahit sinong makapagliligtas kay Pepper at hindi mo iyon kasalanan. Alam kong hinahanap-hanap mo siya nang sobra."

Parent Tips for Helping School-Age Children after Disasters

Reactions	Responses	Examples of things to do and say
<p><u>Confusion about what happened</u></p> <p><u>Pagkalito tungkol sa nangyari.</u></p>	<ul style="list-style-type: none"> ▪ Give clear explanations of what happened whenever your child asks. Avoid details that would scare your child. Correct any misinformation that your child has about whether there is a present danger. ▪ Remind children that there are people working to keep families safe and that your family can get more help if needed. ▪ Let your children know what they can expect to happen next. ▪ Magpaliwanag nang malinaw kung ano ang nangyari, kapag nagtatanong ang iyong anak. Iwasan ang mga detalyeng makakatakot sa iyong anak. Iwasto ang anumang maling impormasyon na nalalaman ng iyong anak tungkol sa pagkakaroon nga o hindi ng panganib. ▪ Paalalahanan ang mga bata na mayroong mga taong nagtatrabaho upang panatilihin ang mga pamilya at ang inyong pamilya ay makakakuha ng tulong kung kinakailangan. ▪ Hayaang malaaman ng iyong mga anak kung ano ang maaasahan nilang mangyayari sa susunod. 	<ul style="list-style-type: none"> ▪ “I know other kids said that more tornadoes are coming, but we are now in a safe place.” ▪ Continue to answer questions your children have (without getting irritable) and to reassure them the family is safe. ▪ Tell them what’s happening, especially about issues regarding school and where they will be living. ▪ “May alam ako na ibang batang nagsabing marami pang darating na buhawi, pero narito tayo ngayon sa isang ligtas na lugar.” ▪ Magpatuloy sa pagsagot sa katanungang mayroon ang mga bata (nang hindi nayayamot) at tiyakin sa kanila na ang pamilya ay ligtas. ▪ Sabihin sa kanila kung ano ang nangyayari, lalo na kung mga isyu ito tungkol sa eskwela at kung saan man sila maninirahan.

Parent Tips for Helping School-Age Children after Disasters

Feelings of being responsible: School-age children may have concerns that they were somehow at fault, or should have been able to change what happened. They may hesitate to voice their concerns in front of others.

Pakiramdam na sila ay responsable: Ang mga batang nasa edad- mag-aral ay mayroong mga alalahaning kahit paano sila ay may kasalanan, o di kaya ay nabago man lang sana nila kung ano ang nangyari. Maaaring alinlangan silang sabihin ang kanilang alalahanin sa harap ng kapwa nila.

- Provide opportunities for children to voice their concerns to you.
- Offer reassurance and tell them why it was not their fault.
- Magbigay ng mga pagkakataon sa mga bata upang makapagsabi ng mga hinaing sa iyo.
- Magbigay ng katiyakan at sabihing hindi nila iyon kasalanan.
- Take your child aside. Explain that, “After a disaster like this, lots of kids—and parents too—keep thinking, ‘What could I have done differently?’ or ‘I should have been able to do something.’ That doesn’t mean they were at fault.”
- “Remember? The firefighter said no one could save Pepper and it wasn’t your fault.”
- Kausapin nang masinsinan ang bata. Ipaliwanag na, "Matapos ang kapahamakang gaya nito, maraming mga bata—at kahit mga magulang din—ay nag-iisip na, "Ano ang iba pang maaari kong gawin?" o kaya, "Kaya kong gumawa ng iba pang bagay." At hindi ibig sabihin nitong nagkakamali sila.
- "Hindi ba? Sinabi ng bombero na wala nang makasagip kay Pepper at hindi mo ‘yon kasalanan."

Parent Tips for Helping School-Age Children after Disasters

Fears of recurrence of the event and reactions to reminders

Takot na bumalik ulit ang pangyayari at mga reaksiyon sa mga paaalala.

- Help identify different reminders (people, places, sounds, smells, feelings, time of day) and clarify the difference between the event and the reminders that occur after it.
- Reassure them, as often as they need, that they are safe.
- Protect children from seeing media coverage of the event, as it can trigger fears of the disaster happening again.
- Tumulong sa pagtukoy ng iba't-ibang mga paalala (mga tao, lugar, tunog, amoy, pakiramdam, oras ng araw) at linawin ang kaibahan sa pagitan ng pangyayari at mga paalaalang naganap matapos iyon.
- Protektahan ang mga bata na makita ang pagbabalita ng media sa pangyayari, makakabuyo ito ng mga takot na mangyayari ulit ang kapahamakan.
- When they recognize that they are being reminded, say, "Try to think to yourself, I am upset because I am being reminded of the hurricane because it is raining, but now there is no hurricane and I am safe."
- "I think we need to take a break from the TV right now."
- Try to sit with your child while watching TV. Ask your child to describe what they saw on the news. Clarify any misunderstandings.
- Kapag nalaman nilang pinaaalalahanan sila, sabihing, "Subukan mong isiping, nababahala ako dahil naaalala ko ang buhawi dahil umuulan, pero ngayon ay wala nang buhawi kaya ligtas na ako."
- "Palagay ko magpahinga muna tayo sa panonood ng TV ngayon."
- Subukang umupo katabi ng iyong anak habang nanonood ng TV. Iparawan sa iyong anak ang napanood sa balita. Linawin kung alin ang mga hindi naunawaan.

Retelling the event or playing out the event over and over

Muling pagsasalaysay sa pangyayari o kaya ay isadula nang paulit-ulit.

- Permit the child to talk and act out these reactions. Let him know that this is normal.
- Encourage positive problem-solving in play or drawing.
- Hayaan ang bata na ikuwento at iakto ang mga reaksiyon nito. Ipaalam sa kanyang normal ito.
- Positibong hikayatin ang paglutas ng problema sa pamamagitan ng laro at drawing.
- "You're drawing a lot of pictures of what happened. Did you know that many children do that?"
- "It might help to draw about how you would like your school to be rebuilt to make it safer."
- "Ang dami mong idinodrawing tungkol sa nangyari, a. Alam mo bang maraming bata ang gumagawa niyan?"
- "Baka makatulong kung magdodrawing ka kung paano mo gustong itayong muli ang iyong eskuwelahan para maging ligtas."



Parent Tips for Helping School-Age Children after Disasters

Psychological First Aid - Field Operations Guide

Sikolohikal na Pang-Unang Lunas – Gabay sa mga Operasyon sa Larang

Parent Tips for Helping School-Age Children after Disasters

Reactions Mga reaksiyon	Responses Mga tugon	Examples of things to do and say Mga halimbawa ng mga bagay na gagawin at sasabihin
<p><u>Fear of being overwhelmed by their feelings</u> <u>Takot na mapuspos ng kanilang mga pakiramdam</u></p>	<ul style="list-style-type: none"> ▪ Provide a safe place for her to express her fears, anger, sadness, etc. Allow children to cry or be sad; don't expect them to be brave or tough. ▪ Maglaan ng isang ligtas na lugar para sa kanyang pagpapahayag ng takot, galit, kalungkutan, atbp. Hayaan ang mga bata na umiyak o malungkot; huwag silang asahan na maging matapang o matatag. 	<ul style="list-style-type: none"> ▪ “When scary things happen, people have strong feelings, like being mad at everyone or being very sad. Would you like to sit here with a blanket until you're feeling better?” "Kapag nangyari ang mga nakakatakot na bagay, ang mga tao ay nagkakaroon ng malalakas na damdamin, gaya ng pagiging galit sa bawat isa o pagiging napakalungkot. Gusto mo bang umupo muna dito at magkumot hanggang sa gumanda na ang iyong pakiramdam?"
<p><u>Sleep problems: Bad dreams, fear of sleeping alone, demanding to sleep with parents.</u> <u>Mga problema sa pagtulog: Masasamang panaginip, takot na mag-isang matulog, humihiling sa mga magulang na makatabi sa pagtulog.</u></p>	<ul style="list-style-type: none"> ▪ Let your child tell you about the bad dream. Explain that bad dreams are normal and they will go away. Do not ask the child to go into too many details of the bad dream. ▪ Temporary sleeping arrangements are okay; make a plan with your child to return to normal sleeping habits. ▪ Hayaan ang iyong anak na magkuwento tungkol sa masamang panaginip niya. Ipaliwanag na ang masasamang panaginip ay normal at mawawala rin. Huwag busisiin ang bata sa maraming detalye ng masamang panaginip. ▪ Ang pansamantalang mga areglo sa pagtulog ay ayos lang; magplano kayong mag-anak para maibalik sa normal ang pagtulog. ▪ 	<ul style="list-style-type: none"> ▪ “That was a scary dream. Let's think about some good things you can dream about and I'll rub your back until you fall asleep.” ▪ “You can stay in our bedroom for the next couple of nights. After that we will spend more time with you in your bed before you go to sleep. If you get scared again, we can talk about it.” ▪ "Nakakatakot na panaginip 'yon. Mag-isip tayo ng ilang magagandang bagay na puwede mong panaginipan at hahaplasin ko ang iyong likod hanggang makatulog ka." ▪ “Puwede kang matulog sa kuwarta namin sa susunod na mga gabi. Pagkatapos niyon ay sasamahan ka namin sa kama mo bago ka matulog. Kung matakot ka ulit, pag-uusapan natin iyan."

Parent Tips for Helping School-Age Children after Disasters

<p><u>Concerns</u> about the safety of themselves and others. <u>Mga alalahanin</u> tungkol sa kaligtasan ng kanilang mga sarili at ng mga kapwa.</p>	<ul style="list-style-type: none"> ▪ Help them to share their worries and give them realistic information. ▪ Tulungan silang ibahagi ang kanilang mga pagkabahala at bigyan sila ng realistikong impormasyon. 	<ul style="list-style-type: none"> ▪ Create a “worry box” where children can write out their worries and place them in the box. Set a time to look these over, problem-solve, and come up with answers to the worries. Lumikha ng isang "kahon ng pagkabagabag" na susulatan ng mga bata ng kanilang pagkabahala at ilagay ang mga ito sa kahon. Magtakda ng oras upang ito ay asikasuhin, paglutas ng problema, at magkaroon ng katugunan sa mga pagkabagabag.
<p><u>Altered behavior</u>: Unusually aggressive or restless behavior. <u>Pagbabago ng ugali</u>: Hindi pangkaraniwang kapusukan o kaya di-mapakaling ugali.</p>	<ul style="list-style-type: none"> ▪ Encourage the child to engage in recreational activities and exercise as an outlet for feelings and frustration. ▪ Hikayatin ang bata na sumali sa mga aktibidad na panlibangan at ehersisyo bilang paglalabas ng mga damdamin at pagkabigo. 	<ul style="list-style-type: none"> ▪ “I know you didn’t mean to slam that door. It must be hard to feel so angry.” ▪ “How about if we take a walk? Sometimes getting our bodies moving helps with strong feelings.” <ul style="list-style-type: none"> ▪ "Alam kong hindi mo sinadyang isara nang malakas ang pinto. Mahirap talaga kung galit ang pakiramdam." ▪ "Ano kaya kung maglakad-lakad tayo? Minsan kapag kumikilos ang ating mga katawan tumatag ang ating mga pakiramdam."
